Light Reading, Seattle City Light pahayagan ng kostumer
Setyembre-Oktubre 2012

Mula sa superintendente

Kasama ang kontribusyon mula sa mga kostumer at *stakeholder*, binuo ng City Light ang isang anim-na-taong estratehikong plano, na pinagtibay nang ganap na pagkakaisa ng Sangguniang Panlungsod ng Seattle noong Hulyo. Kasama sa plano ang pagtataas ng singil – mga 4.7 porsiyento simula Enero 1, 2013, na nagdaragdag ng higit-kumulang sa $ 2.90 sa karaniwang buwanang bayaring pangresidensyal. Ang plano ay rerepasuhin at ia-update tuwing ikalawang taon. Upang maihambing ang aming mga singil sa ibang mga palingkurang-bayan, mangyaring bisitahin ang www.seattle.gov/light/2013Rates.

Ano ang ibig sabihin nito para sa inyo? Mas mahusay na serbisyo at lalong mas maaasahan.

Dahil sa mas madaling matantiyang singil at isang gabay para sa hinaharap, magpupundar kami ng kinakailangang mga pamumuhunan at pagpapahusay, tulad ng bagong substasyon sa South Lake Union - ang aming una sa higit na 30 taon.

Alam kong hindi kasiya-siya ang mga pagtataas sa singil, at nagpapahirap ito lalo na sa mga mayroong pirmihan o limitadong kita. Kung sa palagay ninyo ay maaaring maging kwalipikado kayo sa aming programang pantulong sa may mababang-kita, mangyaring makipag-ugnay sa amin. Para sa impormasyon, bisitahin ang www.seattle.gov/UDP, mag-email sa UDP@seattle.gov, o tumawag sa 206.684.0268.

Tip mula sa Tagapayo sa Enerhiya

Ang pag-*upgrade* tungo sa isang WaterSense-rated na mahusay na showerhead ay maaaring makatipid ng hanggang $40 para sa isang karaniwang pamamahay bawat taon sa gastusin sa enerhiya at tubig. Ang City Light ay nag-aalok ng agad-agad na diskwento hanggang sa $10 sa WaterSense-rated na mga showerhead. Alamin ang iba pa sa seattle.gov/light/conserve/showerhead, tumawag sa 206.684.3800 (limitado ang suplay).

Mayroong katanungan tungkol sa konserbasyon ng enerhiya o sa aming mga programa sa napapanibagong enerhiya? Tawagan ang Seattle City Light Energy Advisor , o mag-email sa SCLEnergyAdvisor@seattle.gov.

Mag-recycle at magtipid

Ang City Light at mga Pampublikong Palingkurang-Bayan ng Seattle ay magtatanghal ng sunud-sunod na kaganapan ukol sa pagtitiipid ng enerhiya sa Oktubre at Nobyembre sa mga piling tindahan. Dalhin ang inyong mga pundidong compact fluorescent na bombilya (CFLs) at papalitan namin ang mga ito ng isang libreng CFL. (Tumanggap ng hanggang sa tatlong *standard* na 13-watt na CFL bawat kostumer, makakamit lamang sa mga espesyal na okasyong ito. Ang suplay ay limitado.) Habang naroroon kayo, alamin kung paano makatipid ng pera sa pamamagitan ng matipid sa enerhiyang mga ilaw, *appliances* at iba pa. Para sa mga lokasyon ng kaganapan, petsa at oras, bisitahin ang seattle.gov/twistandsave.

Paano kayo makatitipid ng enerhiya?

Inaanyayahan ng City Light ang mga mag-aaral sa baitang 3-6 na ipadala sa amin ang mga likhang sining na nagpapakita kung paano sila nagtitipid ng enerhiya at nagpapababa ng kanilang *carbon footprint*. Ang *deadline* ay Okt. 12, pagkatapos ay aming pipiliin ang 12 na mananalong piraso ng sining na gagamitin sa kalendaryong 2013. Ang bawat isa ay maaaring maging bahagi nito sa pamamagitan ng pagbili ng isang kalendaryo sa halagang $10, at ang mga nalikom ay mapupunta sa *Project Share*, ang pang-emerhensiyang pondo ng City Light na tumutulong sa mga nangangailangang kostumer para sa kanilang bayarin sa kuryente. Ang mga detalye sa timpalak ay nasa http://seattle.gov/light/contest/.

Salamat sa inyong suporta

Natamo ng City Light ang pinakamataas na antas kailanman mula sa JD Power & Associates sa *2012 Residential Utility Customer Satisfaction Survey* na sumusukat ng kasiyahan ng kostumer sa mga

kumpanyang palingkurang-bayan sa elektrisidad. Tumalon ang City Light mula sa ika-anim na puwesto noong 2011 tungo sa ikalawang puwesto sa mga katamtamang-laking palingkurang-bayan sa kanluran, at umangat sa ika-12 na puwesto sa taong ito mula sa ika-25 na puwesto noong 2011, sa lahat ng 126 na mga palingkurang-bayan sa buong bansa.

Humanda para sa bagyo
Ibinabalik ng mga manggagawa ng City Light ang inyong kuryente sa lalong madaling panahon. Mangyaring gawin ang inyong bahagi sa pamamagitan ng paghahanda ng isang kit na pang-emerhensiya para sa inyong pamilya. Matuto nang iba pa sa www.take winterbystrom.org.

Nagtatrabaho ang City Light
Ang mga tauhan ay nasa mga purok na ito, nagtatrabaho upang panatilihin ang inyong mga ilaw.
- Innis Arden at ang Highlands: iniineksyonan ng silicone ang nakabaong mga kable upang pahabain ang kanilang buhay;
- SODO: nililipat ang mga linya ng kuryente upang magdagdag ng kapasidad, bigyan ng kuryente ang makinang pambutas ng lagusan;
- Harrison St./Aurora Ave. (silangan ng Seattle Center): binabatak ang kable upang ilipat ang mga linya;
- Laurelhurst (hilaga ng Webster Point): pinapalitan ang mga nakabaong kable upang madagdagan ang kapasidad;
- Timog ng Brandon St., tungo sa hangganan ng aming serbisyo sa katimugan: Pinapalitan ng LED ang mga ilaw ng kalye;
- First Hill: nagdaragdag ng mga poste, mas malaking kawad upang madagdagan ang kapasidad;
- Rainier View: pinapalitan ang mga istrakturang kahoy ng poste, nagdaragdag ng mga linyang pandistribusyon upang maragdagan ang kahusayan at kapasidad.
- Gatewood Hills: pinapalitan ang linya ng kuryente upang magdagdag ng kapasidad.

Bisitahin ang www.seattle.gov/light/construction at i-klik ang pulang construction sign para sa mga detalye.

Ulat tungkol sa kombinasyon ng panggatong
Ang ulat ng City Light tungkol sa kombinasyon ng panggatong ay nagmumula sa Washington State Dept. of Community Trade and Economic Development at batay sa datos ng 2011:

Hydro	92.4%
Hangin	4.1%
Nuklear*	2.5%
Karbon*	.5%
Iba pa**	.5%
Kabuuan	100.0%

* Ang mga panggatong na ito ay kumakatawan ng isang bahagi ng kuryente mula sa BPA
** Ang iba pa ay kinabibilangan ng natural na gas, biomass, basura, petrolyo at mga gas mula sa *landfill.*

Linggo ng Pampublikong Enerhiya
Ipagdiriwang natin ang Linggo ng Pampublikong Enerhiya sa Okt. 7-13. Tingnan ang mga benepisyo ng inyong pampublikong sistema ng enerhiya: www.seattle.gov/light/publicpower.

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan
Seattle City Light
PO Box 34023
Seattle, WA 98124-4023
www.seattle.gov/light

Mga katanungan, kumentaryo o mungkahi? Tumawag sa 206.684.3000 o mag-email sa *Tell Seattle City Light* (online sa www.seattle.gov/light).
Editor: Connie McDougall, connie.mcdougall@seattle.gov